

Pangalan: _____

Ms. Oli

Bola ni Ana

Si Ana ay may bola. Kulay pula ang bola niya. Nilaro niya ito sa bakuran. Masaya si Ana habang naglalaro. Kasama niya ang kaniyang aso sa paglalaro.

Mga Tanong:

1. Ano ang mayroon si Ana?
 - A. pusa
 - B. bola
 - C. sapatos
2. Ano ang kulay ng bola ni Ana?
 - A. berde
 - B. asul
 - C. pula
3. Saan naglaro si Ana?
 - A. sa bakuran
 - B. sa silid
 - C. sa paaralan



Pangalan: _____


Ms. Oli

Si Mingming

Si Mingming ay isang pusa. Kulay puti siya. Mahilig siyang matulog sa banig. Mabait na pusa si Mingming. Mahilig siyang maglaro at matulog nang mahimbing.

Mga Tanong:

1. Anong hayop si Mingming?
 - A. tigre
 - B. pusa
 - C. daga
2. Ano ang kulay ni Mingming?
 - A. itim
 - B. pula
 - C. puti
3. Ano ang hilig ni Mingming?
 - A. kumain
 - B. matulog
 - C. mag-aral



Pangalan: _____


Ms. Oli

Mangga ni Toto

May mangga si Toto. Hinog na ang mangga. Kinain niya ito. Matamis ang mangga, sabi ni Toto. Gusto pa niya ng isa. Muli siyang pumitas sa mangga sa bakuran.

Mga Tanong:

1. Ano ang kinain ni Toto?
 - A. bayabas
 - B. mangga
 - C. saging
2. Ano ang lasa ng mangga?
 - A. matamis
 - B. maalat
 - C. maasim
3. Ano ang ginawa ni Toto pagkatapos kumain ng isang mangga?
 - A. natulog
 - B. nag-aral
 - C. pumunta sa bakuran




Pangalan: _____

Ms. Oli

Araw

Sumikat ang araw. Umaga na. Nagising si Lita. Ngumiti siya sa araw. Gusto niyang maglaro sa labas. Masaya si Lita tuwing maaraw ang panahon.

Mga Tanong:



1. Sino ang nagising?
 - A. Lita
 - B. Ana
 - C. Rico
2. Ano ang nakita ni Lita?
 - A. ulan
 - B. buwan
 - C. araw
3. Saan gustong maglaro si Lita?
 - A. sa loob ng bahay
 - B. sa silid
 - C. sa labas

Pangalan: _____

Ms. Oli

Gatas

Uminom ng gatas si Bunso. Gamit niya ang basong asul. Mabuti raw ito para sa katawan. Ubos agad ang gatas. Nabusog si Bunso. Ngumiti siya.

Mga Tanong:

1. Ano ang ininom ni Bunso?


- A. tubig
- B. gatas
- C. kape

2. Ano ang kulay ng baso ni Bunso?

- A. pula
- B. asul
- C. dilaw

3. Ano ang ginawa ni Bunso pagkatapos uminom?

- A. umiyak
- B. tumakbo
- C. ngumiti




Pangalan: _____

Ms. Oli

Bulaklak

Pumitas ng mga bulaklak si Ate. Kulay lila ang mga ito. Inilagay niya sa isang baso. Inilagay din niya sa mesa. Ang ganda ng mga bulaklak!

Mga Tanong:



1. Ano ang pinitas ni Ate?
 - A. dahon
 - B. prutas
 - C. bulaklak
2. Ano ang kulay ng mga bulaklak?
 - A. lila
 - B. asul
 - C. pula
3. Saan niya ito inilagay?
 - A. kahon
 - B. plato
 - C. baso